Allāhumma innī as’aluka mina -lkhayri kullih, `ājilihi wa-ājilihi, mā `alimtu minhu wa-mā lam a`lam; wa-a`ūdhu bika mina -shsharri kullihi, `ājilihi wa-ājilihi, mā `alimtu minhu wa-mā lam a`lam

Ayon kay `Ā’ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) ay nagturo sa kanya ng panalanging ito: "Allāhumma innī as’aluka mina -lkhayri kullih, `ājilihi wa-ājilihi, mā `alimtu minhu wa-mā lam a`lam; wa-a`ūdhu bika mina -shsharri kullihi, `ājilihi wa-ājilihi, mā `alimtu minhu wa-mā lam a`lam. Allāhumma innī as’aluka min khayri mā sa’alaka `abduka wa-nabīyuka, wa-a`ūdhu bika min sharri mā `ādha bihi `abduka wa-nabīyuka. Allāhumma innī as’aluka -ljannata wa-mā qarraba ilayhā min qawlin aw `amalin, wa-a`ūdhu bika mina -nnāri wa-mā qarraba ilayhā min qawlin aw `amal, wa-as’aluka an taj`ala kulla qaḍā’in qaḍaytahu lī khayrā. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo mula sa kabutihan sa kabuuan nito, madalian nito at matagalan nito, na nalaman ko mula rito at hindi ko nalaman; at nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan sa kabuuan nito, madalian nito at matagalan nito, na nalaman ko mula rito at hindi ko nalaman. O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo mula sa kabutihan ng anumang humiling nito sa Iyo ang Lingkod Mo at ang Propeta Mo; at nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan ng anumang nagpakanlong dahil dito ang Lingkod Mo at ang Propeta Mo. O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng Paraiso at anumang nagpapalapit doon na sinasabi o ginagawa; nagpapakupkop sa Iyo laban sa Impiyerno at anumang nagpapalapit doon na sinasabi o ginagawa; at humihiling sa Iyo na gumawa Ka sa bawat pagtatadhanang itinadhana Mo bilang kabutihan para sa akin.)"}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Ibnu Mājah at Imām Aḥmad]

Nagturo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Ā’ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh dito) ng mga masaklaw sa panalangin. Ito ay apat na panalangin. 1. Panalanging pangkalahatan para sa bawat kabutihan: "Allāhumma innī as’aluka mina -lkhayri kullih (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo mula sa kabutihan sa kabuuan nito)" at lahat nito, "`ājilihi (madalian nito)" ang malapit sa oras nito, "ājilihi (at matagalan nito)" ang malayo, "mā `alimtu minhu (ng nalaman ko mula rito)" kabilang sa itinuro Mo sa akin, at "wa-mā lam a`lam (at hindi ko nalaman)" kabilang sa nasa kaalaman Mo (kaluwalhatian sa Iyo). Nasaad dito ang pagpapaubaya ng nauukol doon kay Allāh, ang Maalam, ang Mapagbatid, ang Mapagtalos, sapagkat pumipili Siya (kaluwalhatian sa Kanya) para sa Muslim ng pinakamainam nito at pinakamaganda nito. "wa-a`ūdhu (at nagpapakupkop):" nangungunyapit ako at nagpapasanggalang ako "bika mina -shsharri kullihi, `ājilihi wa-ājilihi, mā `alimtu minhu wa-mā lam a`lam (sa Iyo laban sa kasamaan sa kabuuan nito, madalian nito at matagalan nito, ng nalaman ko mula rito at hindi ko

nalaman)." 2. Ito ay isang pag-iingat para sa Muslim laban sa pangangaway sa panalangin: "Allāhumma innī as’aluka (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo)" at humihingi "min khayri mā sa’alaka `abduka wa-nabīyuka (mula sa kabutihan ng anumang humiling nito sa Iyo ang Lingkod Mo at ang Propeta Mo)" – basbasan siya ni Allāh at pangalagaan – "wa-a`ūdhu (at nagpapakupkop)," dumudulog, at nangungunyapit "bika min sharri mā `ādha bihi `abduka wa-nabīyuka (sa Iyo laban sa kasamaan ng anumang nagpakanlong dahil dito ang Lingkod Mo at ang Propeta Mo.)" Basbasan siya ni Allāh at pangalagaan. Ito ay isang panalangin at isang paghiling mula kay Allāh na magbigay Siya sa tagapanalangin mula sa hiningi at hiniling ni Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa sarili nito, nang walang pagbibilang ng mga uri ng ipinanalangin nito (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan). 3. Ang paghiling ng pagpasok sa Paraiso at pagkalayo sa Impiyerno, na isang kahilingan ng bawat Muslim at layon ng gawain niya: "Allāhumma innī as’aluka -ljannata (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng Paraiso)" at pagtamo nito "wa-mā qarraba ilayhā min qawlin aw `amal (at anumang nagpapalapit doon na sabi o gawa)" na maayos na nagpapalugod sa Iyo; "wa-a`ūdhu bika mina -nnāri (nagpapakupkop sa Iyo laban sa Impiyerno)" yayamang walang pananggalang laban sa mga pangit sa mga gawain malibang sa pamamagitan ng kabaitan Mo "wa-mā qarraba ilayhā min qawlin aw `amal (at anumang nagpapalapit doon na sabi o gawa)" kabilang sa mga pagsuway na nagpapagalit sa Iyo. 4. Ang pagdalangin ng pagkalugod sa pagtatadhana ni Allāh: "wa-as’aluka an taj`ala kulla qaḍā’in qaḍaytahu lī khayrā (at humihiling sa Iyo na gumawa Ka sa bawat pagtatadhanang itinadhana bilang kabutihan para sa akin)." Ang bawat bagay na itinadhana ni Allāh para sa akin ay na gawin Niya bilang isang kabutihan para sa akin. Ito ay bahagi ng panalangin ng pagkalugod sa pagtatadhana ni Allāh.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5487